# Ang Lungsod ay patuloy na nagbibigay sa mga residente at negosyo ng kakayahan na ipagpaliban ang mga buwis para sa 2022

BRAMPTON, ON (Nobyembre 29, 2021) – Papayagan ng Lungsod ng Brampton ang kwalipikadong mga residente at mga negosyo na ipagpaliban ang 2022 mga buwis sa ari-arian.

Ang Programa sa Pagpapaliban ng Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian (Property Tax Payment Deferral Program) ay sinimulan noong 2021 para suportahan ang mga residente at negosyo na nahaharap sa pinansyal na hirap dahil sa pandemyang COVID-19.

Magsisimula ang Lungsod na tumanggap ng mga aplikasyon para ipagpaliban ang Interim 2022 Property Tax Bill in sa Enero 2022. Para magiging kwalipikado sa programa, ang mga aplikante ay kailangang magsumite bago lumipas ang Biyernes, Abril 8, 2022. Ang mga kalahok na pumipili sa opsyon na ito ay awtomatiko ring ipagpapaliban ang kanilang Final Tax Bill. Para maging kwalipikado para sa Programa sa Pagpapaliban ng Pagbabayad sa Buwis sa Ari-arian, ang mga tax account sa ari-arian ay kailangang walang arrears sa buwis bago ang Marso 2020. Ang mga arrear sa buwis mula sa naunang mga taon ay patuloy na magtatamo ng mga singil sa penalty at interes. Ang mga residente at mga negosyo ay kailangan ding magbayad ng mga buwis sa ari-arian diretso sa Lungsod ng Brampton at hindi sa pamamagitan ng kumpanya ng mortgage. Kailangang isumite ang mga aplikasyon ng may-ari ng ari-arian at hindi maaaring isumite ng isang pinansyal na institusyon para sa kanila.

Ang mga residente at negosyo na kwalipikado para sa Programa sa Pagpapaliban ng Pagbabayad sa Ari-arian sa Buwis at kasalukuyang naka-enrol sa Pre-Authorized Tax Payment (PTP) Plan ng Lungsod, ay tatanggalin mula sa PTP Plan at kailangang magsumite ng bagong aplikasyon para muling magpatala bago ang 2023 Interim Tax Bill deadline. Ang lahat ng buwis ay kailangang bayaran bago muling magpatala para sa PTP Plan.

Para sa mga nakabayad ng buwis bilang bahagi ng kanilang mortgage, kailangang makipag-ugnayan sila sa kanilang mortgage provider at pasyahan kung maaari nilang kanselahin ang pagbabayad sa buwis. Kailangang abisuhan ng mortgage provider ang Lungsod para tanggalin ang residente/negosyo mula sa kanilang talaan.

Ang pagpapaliban sa buwis ay hindi nangangahulugan na pagkansela sa buwis. Ang lahat ng ipinagpalibang halaga ay kailangang matanggap ng Lungsod bago ang Disyembre 15, 2022 para maiwasan na ang mga penalty at interes ay maidagdag sa overdue na balanse sa panahong iyon.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca